## Aralin 1.1 Ang Panitikan sa Panahon ng mga Katutubo

Sa bahaging ito ng aralin ay makikilala natin nang ganap ang mga akdang pampanitikan na lumaganap sa Panahon ng Katutubo tulad ng mga **karunungang-bayan** ( salawikain, sawikain/kawikaan , at kasabihan ), **alamat** at **epiko.** Nakikita at nasasalamin sa panitikan ang kalinangan ng isang lahi. Nakikita sa mga nakasulat maging sa pasalitang panitikan ang kultura, tradisyon, at mithiin ng isang bansa.

Simulan natin ang iyong pag-aaral sa bahaging ito. Una nating tatalakayin ang tungkol sa mga **karunungang-bayan** tulad ng **salawikain, sawikain, at kasabihan** gayundin, ang **dalawang uri ng paghahambing.**

Ang unang bahagi ng araling ito ay magbibigay-daan upang

maisabuhay muli ang mga karunungang-bayan na minana pa natin sa matandang panitikan at mailapat sa sariling pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang ating mga karunungang-bayan bagamat payak ay mabuting hanguan ng mahahalagang impormasyon hinggil sa kaugalian, asal at gawi. Samakatuwid, hindi natin dapat ipagwalang-bahala at ibaon sa limot ang mga karunungang-bayan ng ating panitikan.

Sa bahaging ito, nais kong bigyan mo ng pansin ang tula ni Jose Rizal na bagaman naisulat noong Panahon ng Espaıol ay makikita mo ang paggamit niya ng isa sa mga karunungang-bayan na minana natin sa ating mga ninuno. Isa lamang itong patunay na ang matandang panitikan tulad ng karunungang-bayan ay may malaking impluwensiya sa mga Pilipino sa iba't

ibang panahon.

## Sa Aking Mga Kabata

## ni Jose P. Rizal

Kapagka ang baya’y sadyang umiibig
Sa langit salitang kaloob ng langit
Sanlang kalayaan nasa ring masapi

Katulad ng ibong nasa himpapawid
Pagka’t ang salita’y isang kahatulan
Sa bayan, sa nayo't mga kaharian

At ang isang tao’y katulad, kabagay
Ng alin mang likha noong kalayaan.
Ang hindi magmahal sa kanyang salita

Mahigit sa hayop at malansang isda

Kaya ang marapat pagyamanin kusa
Na tulad sa inang tunay na nagpala
Ang wikang Tagalog tulad din sa Latin,

Sa Ingles, Kastila, at salitang anghel,
Sapagkat ang Poong maalam tumingin
Ang siyang naggagawad, nagbibigay sa atin.
Ang salita nati'y tulad din sa iba

Na may alfabeto at sariling letra,
Na kaya nawala'y dinatnan ng sigwa
Ang lunday sa lawa noong dakong una.

## ALAM MO BA NA...

# KARUNUNGANG-BAYAN

Kasama sa kabang-yaman ng karunungang-bayan ng ating bansa bago dumating ang mga Espaıol ay ang salawikain, sawikain/kawikaan, at kasabihan.

Salawikain- Karaniwang patalinghaga ang salawikain na may kahulugang nakatago. Ang salawikain ay karaniwang nasusulat ng may sukat at tugma kaya masarap pakinggan kapag binibigkas.

Mga Halimbawa:

‘Pag ang tubig ay magalaw Ang sakit ng kalingkingan

Ang ilog ay mababaw Damdam ng buong katawan

“A wattu langan a kuruga mariga “Ing taung mapibabata’

Tattolay nga minagimamma .” Dasan na ing sablang buring na”

(Ibanag) (Pampango)

“Walang gawaing mahirap “Ang taong matiyaga

sa taong matiyaga.” natutupad ang ninanasa.

– Ang pagsasawikain o pagtatambis ay isang paraan ng pagsasalita na hindi gumagamit ng mararahas na salita upang maiwasan ang makasakit ng loob. Ang sawikain o patambis samakatuwid , ay masasabing mga salitang eupemistiko, patayutay o idyomatiko na ginagamit upang maging maganda ang paraan ng pagpapahayag.

Mga Halimbawa:

parang natuka ng ahas- natulala itaga mo sa bato- pakatandaan

malayo sa bituka- hindi malubha mahaba ang kamay-

magnanakaw

Kasabihan- Ang kasabihan ay iba sa salawikain sa dahilang ito’y

hindi

gumagamit ng mga talinghaga. Payak ang kahulugan. Ang kilos ,

ugali, at gawi ng isang tao ay masasalamin sa mga kasabihan.

Mga Halimbawa:

Tulak ng bibig Kasama sa gayak

Kabig ng dibdib.‘Di kasama sa lakad.

Utos na sa pusa Ubos-ubos biyaya

Utos pa sa daga Bukas nakatunganga

**ALAM MO BA NA …**

MAY DALAWANG URI NG PAGHAHAMBING

1. Paghahambing na magkatulad

Ginagamit ito kung ang dalawang

pinaghahambing ay may patas na

katangian. Ginagamitan ito ng mga panlaping

kasing, sing,magsing at magkasing o kaya ay

ng mga salitang gaya,tulad, paris, kapwa, at pareho.

2. Paghahambing na di-magkatulad

Ginagamit ito kung ang pinaghahambing ay may magkaibang

katangian.

May dalawang uri ito:

2.1 Pasahol- Kung ang pinaghahambing ay mas maliit,

gumagamit

itong mga salitang tulad ng lalo, di-gaano, di-totoo, dilubha,

odi-gasino

2.2 Palamang- Kung ang hinahambing ay mas malaki o

nakahihigit sa

pinaghahambingan, gumagamit ito ng mga salitang higit, labis, at

di-hamak.

## ARALIN 1.1.2 : ALAMAT

Sinasabing ang ilang kaalaman natin ngayon ay kinuha ng mga mananaliksik sa saling-dila ng matatanda. Sa pag-usad ng panahon, maaaring nagbabago ang mga alamat gayunpaman hindi nawawala ang katangian nitong maglahad ng pinagmulan ng tao, bagay, lunan , o pangyayari. Ang aralin na ito ay tutulong sa iyo upang mauunawaan mo kung paano nakatutulong ang alamat sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng kultura, tradisyon, at kaugaliang Pilipino na minana natin bilang isa sa matatandang panitikan ng ating lahi. Matapos mong pagaralan ang mahahalagang konsepto sa aralin, ikaw ay inaasahang

makabubuo ng informercial na nagtatampok sa kultura at tradisyong Pilipino.Gayundin, mapagtitibay mo kung paano kasasalaminan ng kultura, tradisyon, at kaugalian ang alamat tulad ng iba pang akda na lumaganap sa Panahon ng Katutubo.

Ang bahaging ito ng aralin ay makatutulong upang maunawaan mo ang mga konsepto at kasanayang dapat mong malinang sa paksa. Kailangang mapalawak at mapaunlad mo pa ang iyong dating kaalaman nang sa gayon ay mabatid mo kung paano nakatutulong ang alamat sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng kultura, tradisyon, at kaugaliang Pilipino na minana natin bilang isa sa matatandang panitikan ng ating lahi.

# MINA NG GINTO

## Alamat ng Baguio

Sa isang nayon sa Baguio na kung tawagin ay Suyuk, naninirahan ang mga Igorot na pinamumunuan ni Kunto. Si Kunto ay bata pa ngunit siya ang pinakama-lakas at pinakamatapang sa kanilang nayon kaya siya ang ginawang puno ng matatandang pantas.

Ang mga naninirahan sa nayong ito ay namumuhay nang tahimik . Maibigin sila sa kapwa at may takot sila sa kanilang bathala. Taun-taon ay nagdaraos sila ng cañao bilang parangal sa kanilang mga anito. Noong panahong iyon, ang mga Igorot ay naniniwala sa iba't ibang anito.

Kung nagdaraos sila ng cañao ay lingguhan ang kanilang handa. Nagpapatay sila ng baboy na iniaalay sa kanilang bathala. Nagsasayawan at nagkakantahan sila.

Isang araw ay nagtungo si Kunto sa gubat upang mamana. Hindi pa siya lubhang nakalalayo nang nakakita siya ng isang uwak. Nakatayo ito sa isang landas na kanyang tinutunton. Karaniwang

ang mga ibon sa gubat ay maiilap ngunit ang ibong ito ay kaiba. Lumakad si Kunto palapit sa ibon ngunit hindi ito tuminag sa pagkakatayo sa gitna ng landas. Nang may iisang dipa na lamang siya mula sa ibon, bigla siyang napatigil.

Tinitigan siyang mainam ng ibon at saka tumango nang tatlong ulit bago lumipad. Matagal na natigilan si Kunto .Bagamat siya'y malakas at matapang, sinagilahan siya ng takot. Hindi niya mawari kung ano ang ibig sabihin ng kanyang nakita.

Hindi na niya ipinagpatuloy ang kanyang pamamana. Siya'y bumalik sa nayon at nakipagkita sa matatandang pantas. Anang isang matanda, " Marahil ang ibong iyon ay ang sugo ng ating bathala. Ipinaaalaala sa atin na dapat tayong magdaos ng caῇao."

Kung gayon, ngayon din ay magdaraos tayo ng caῇao," ang pasiya ni Kunto.

Ipinagbigay-alam sa lahat ang caῇao na gagawin. Lahat ng mamamayan ay kumilos upang ipagdiwang ito sa isang altar sa isang bundok-bundukan. Ang mga babae naman ay naghanda ng masasarap na pagkain.

Nang ang lahat ay nakahanda na, ang mga lalaki ay humuli ng isang baboy. Ang baboy na ito ay siyang iaalay sa kanilang bathala upang mapawi ang galit, kung ito man ay nagagalit sa kanila.

Inilagay ang baboy sa altar na ginawa nila sa itaas ng bundok-bundukan. Anong laking himala ang nangyari! Nakita nilang ang baboy ay napalitan ng isang pagkatanda-tandang lalaki! Ang mukha ay kulay- lupa na sa katandaan at halos hindi na siya makaupo sa kahinaan.Ang mga tao ay natigilan. Nanlaki ang mga mata sa kanilang nakita. Sila'y natakot.

Maya-maya'y nagsalita ang matanda at nagwika nang ganito: "Mga anak magsilapit kayo. Huwag kayong matakot. Dahil sakayo'y mabuti at may loob sa inyong bathala, gagantimpalaan ko ang inyong kabutihan. Lamang ay sundin ninyo ang lahat ng aking ipagbilin.

"Kumuha kayo ng isang tasang kanin at ilagay ninyo rito sa aking tabi. Pagkatapos sukluban ninyo ako ng isang malaking palayok.Ipagpatuloy ninyo ang inyong cañao. Pagkalipas ng tatlong araw, bumalik kayo rito sa pook na ito.

Makikita niyo ang isang punungkahoy, na kahit minsan sa buhay ninyo ay hindi pa ninyo nakikita o makikita magpakailanman. Ang bunga,dahon, at sanga ay maaari ninyong kunin ngunit ang katawan ay huwag ninyong gagalawin. Huwag na huwag ninyong tatagain ang katawan nito."

Tinupad naman ng mga tao ang ipinagbilin ng matanda.Ipinagpatuloy nila ang kanilang pista. Pagkaraan ng tatlong araw, bumalik sila sa pook na pinag-iwanan sa matanda.

Itinaas nila ang palayok at gaya ng sinabi ng matanda, nakita nila ang isang punungkahoy na maliit. Kumikislap ito sa liwanag ng araw-lantay na ginto mula sa ugat hanggang sa kaliit-liitang dahon.

Nagsigawan ang mga tao sa laki ng galak. Si Kunto ang kauna-unahang lumapit sa punungkahoy at pumitas ng isang dahon. Pagkapitas sa dahon ay nagkaroon kaagad ng kapalit ito kayat nag-ibayo ang tuwa sa mga tao. Bawat isa ay pumitas ng dahon. Sa loob ng maikling panahon, yumaman ang mga taga-Suyuk.Ang dati nilang matahimik na pamumuhay ay napalitan ng pag-iimbutan at inggitan. Ang punungkahoy naman ay patuloy sa pagtaas hanggang sa ang mga dulo nito'y hindi na maabot ng tingin ng mga tao.

Isang araw, anang isang mamamayan, "kay taas-taas na at hindi na natin maabot ang bunga o dahon ng punong-ginto. Mabuti pa ay pagputul-putulin na natin ang mga sanga at dahon nito. Ang puno ay paghahati-hatian natin."

Kinuha ng mga lalaki ang kanilang mga itak at palakol.Ang iba ay kumuha ng mga sibat.Tinaga nila nang tinaga ang puno at binungkal ang lupa upang lumuwag ang mga ugat.Nang malapit nang mabuwal ang punungkahoy ay kumidlat nang ubod-talim.Kumulog nang ubos-lakas at parang pinagsaklob ang lupa at langit.

Ang punungkahoy ay nabuwal. Nayanig ang lupa at bumuka sa lugar na kinabagsakan ng puno. Isang tinig ang narinig ng mga tao.“ Kayo ay binigyan ng gantimpala sa inyong kabutihan. Ang punong-ginto upang maging mariwasa ang inyong pamumuhay. Sa halip na kayo’y higit na mag-ibigan , kasakiman ang naghari sa inyong mga puso. Hindi ninyo sinunod ang aking ipinagbilin na huwag ninyong sasaktan ang puno. Sa tuwi-tuwina ay inyong nanaisin ang gintong iyan.”

At pagkasabi ng mga katagang ito, sa harap ng mga tao sa Suyuk, ang puno ay nilulon na ng lupang kinabuwalan. Mula nga noon, nagkaroon na ng minang ginto sa Baguio at nakukuha lamang ito sa pamamagitan ng paghukay sa lupa.

**ALAM MO BA NA…**

Ang Alamat

Ang alamat ay isa sa kauna-unahang panitikan ng mga Piipino bago pa dumating ang mga Español. Karaniwang kathang-isip o maaari

namang hango sa tunay na pangyayari. Pinagmulan ng isang pook, ng

isang halaman o punongkahoy, ng ibon, ng bulaklak at iba pang mga bagay ang karaniwang paksa nito. Maaari ring tungkol sa mga pangyayaring di- kapani-paniwala o kaya'y tungkol sa pagkakabuo ng pangalan ng lugar, bagay at iba pa.

Mababakas sa alamat ang matatandang kaugaliang Pilipino. Layunin din ng alamat na manlibang. May tatlong bahagi ang alamat.

Simula: Kabilang sa simula ang mga tauhan, tagpuan, at suliranin. Sa mga tauhan nalalaman kung sino-sino ang magsisiganap sa kuwento at kung ano ang papel na gagampanan ng bawat isa. Maaaring bida, kontrabida, o suportang tauhan. Sa tagpuan nakasaad ang lugar na pinangyayarihan ng mga aksyon insidente, gayundin ang panahon kung kailan naganap ang kuwento. At ang bahagi ng suliranin ang nagsasaad ng problemang haharapin ng pangunahing tauhan.

Gitna: Binubuo ang gitna ng saglit na kasiglahan, tunggalian, at

kasukdulan. Ang saglit na kasiglahan ang naglalahad ng panandaliang pagtatagpo ng mga tauhang masasangkot sa suliranin. Ang tunggalian naman ang bahaging nagsasaad sa pakikitunggali o pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan laban sa mga suliraning kakaharapin, na minsan sa sarili , sa kapwa, o sa kalikasan. Samantalang ang kasukdulan ang pinakamadulang bahagi kung saan maaaring makamtan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian ng kaniyang ipinaglalaban.

Wakas: Binubuo ang wakas ng kakalasan at katapusan . Ang kakalasan ang bahaging nagpapakita ng unti-unting pagbaba ng takbo ng kuwento mula sa maigting na pangyayari sa kasukdulan. At ang katapusan ang bahaging maglalahad ng magiging resolusyon ng kuwento. Maaaring masaya o malungkot, pagkatalo o pagkapanalo.

Sa tulong ng bawat bahagi ng alamat ay naipakita ang mga

pangyayari na sumasalamin sa kultura, tradisyon, kaugalian at kalagayang panlipunan ng sinaunang Pilipino.

## ALAM MO BA NA…

PANG-ABAY NA PAMANAHON AT PANG-ABAY NA PANLUNAN

Ang pang-abay na pamanahon ay nagsasaad kung kailan naganap
o magaganap ang kilos na taglay ng pandiwa. Napapangkat ang ganitong
uri ng pang-abay: (1) yaong may pananda at (2) yaong walang pananda.

Gumagamit ng nang ,sa, noong, kung, tuwing, buhat, mula, umpisa, at hanggang bilang mga pananda ang pang-abay na pamanahon

Mga halimbawa:

1. Kailangan ka bang pumasok nang araw-araw?
2. Inaasahan tayo roon sagabi, hindi sa araw.
3. Noong Lunes siya nagsimula sa kaniyang bagong trabaho.
4. Kapag Mahal na Araw ay sinisikap niyang mag-abstinensya

at mag- ayuno.

5. Tuwing Pasko ay nagtitipon-tipon silang mag-anak.

May mga pang-abay na pamanahon na walang pananda tulad ng kahapon, kangina, ngayon, mamaya, bukas, sandali at iba pa.

Mga Halimbawa:

1. Pitong pangunahing alagad ng sining ang tumanggap kahapon ng "National Artist Award" buhat sa Pangulo.

2. Manonood kami bukas ng pambansang pagtatanghal ng dulang

Pilipino

3. Magsisimula pamaya-maya ang kumbensiyon tungkol sa pagpapabahay sa mahihirap.

4. Ipinagdiriwang ngayon ng Makati ang ika-262 anibersaryo ng kaarawan ni Gabriela Silang.

5. Panauhing pandangal mamaya ang bagong pangulo sa pagkakaloob ng Gantimpalang TOYM.

Ang pang-abay na panlunan ay tumutukoy sa pook na

pinangyarihan, pinangyayarihan, o pangyayarihan ng kilos ng pandiwa.

Karaniwang ginagamitan ng pariralang sa/kay ang ganitong pang-abay.

Sa ang ginagamit kapag ang kasunod ay pangngalang pambalana o panghalip.

Kay o ang maramihan nitong kina, ang ginagamit kapag ang kasunod ay pangngalang pantanging ngalan ng tao. Ang pangngalang pantanging ngalan ng pook o bagay ay pinangungunahan ng sa.

Narito ang Ilang Halimbawa:

1. sa + pangngalang pambalana

**Naging Sultan si Pilandok**

Ang kinagigiliwang Juan ng katagalugan ay may katumbas sa mga Maranaw - si Pilandok.

Si Pilandok ay nahatulang ikulong sa isang kulungang bakal at itapon sa dagat dahil sa isang pagkakasalang kanyang ginawa.

Pagkalipas ng ilang araw, ang sultan ay nanggilalas nang makita si Pilandok sa kanyang harap na nakasuot ng magarang kasuotan ng sultan. Nakasukbit sa kanyang baywang ang isang kumikislap na ginituang tabak.

"Hindi ba't itinapon ka na sa dagat?" nagtatakang tanong ng sultan kay Pilandok. "Siya pong tunay, mahal na Sultan," ang magalang na tugon ni Pilandok. "Paanong nangyaring ikaw ay nasa harap ko at nakadamit nang magara? Dapat ay patay ka na ngayon," ang wika ng sultan.

"Hindi po ako namatay, mahal na sultan sapgkat nakita ko po ang

aking mga ninuno sa ilalim ng dagat nang ako'y sumapit doon. Sila po ang nagbigay sa akin ng kayamanan. Sino po ang magnanais na mamatay sa isang kahariang masagana sa lahat ng bagay?" ang paliwanag ni Pilandok. "Marahil ay nasisiraan ka ng bait," ang sabi ng ayaw maniwalang sultan."Nalalaman ng lahat na walang kaharian sa ilalim ng dagat."

"Kasinungalingan po iyan!Bakit po naririto ako ngayon? Ako na ipinatapon ninyo sa gitna ng dagat. Ako na ikinulong pa ninyo sa hawla ay naririto ngayon at kausap ninyo," ang paliwanag ni Pilandok. "May kaharian po sa ilalim ng dagat at ang tanging paraan sa pagtungo roon ay ang pagkulong sa hawla at itapon sa gitna ng dagat. Ako po'y aalis na at marahil ay hinihintay na ako ng aking mga kamag-anak." Umakmang aalis na si Pilandok.

"Hintay," sansala ng sultan kay Pilandok. "Isama mo ako at nais kong makita ang aking mga ninuno, ang sultan ng mga sultan at ang iba ko pang kamag-anak." Tatawagin na sana ng sultan ang mga kawal ngunit pinigil siya ni Pilandok at pinagsabihangwalang dapat makaalam ng bagay na iyon. Dapat daw ay mag-isang pupunta roon ang Sultan sa loob ng isang hawla.

"Kung gayon ay ilagay mo ko sa loob ng hawla at itapon mo ako sa gitna ng dagat," ang sabi ng sultan. "Sino po ang mamumuno sa kaharian sa inyong pag-alis?" ang tanong ni Pilandok. "Kapag nalaman po ng iba ang tingkol sa sinabi ko sa inyong kaharian sa ilalim ng dagat ay magnanais silang magtungo rin doon."

Sandaling nag-isip ang sultan at nakangiting nagwika, "Gagawin kitang pansamantalang sultan, Pilandok. Mag-iiwan ako ngayon

din ng isang kautusang ikaw ang pansamantalang hahalili sa akin." "Hintay, mahal na Sultan," ang pigil ni Pilandok. "Hindi po ito dapat malaman ng inyong mga ministro."

"Ano ang nararapat kong gawin?" ang usisa ng sultan. "Ililihim po natin ang bagay na ito. Basta't ipagkaloob ninyo sa akin ang inyong korona, singsing at espada. Pag nakita ang mga ito ng inyong kabig ay susundin nila ako," ang tugon ni Pilandok.

Pumayag naman ang sultan. Ibinigay na lahat kay Pilandok ang hinihingi at isinakay sa isang bangka. Pagdating sa gitna ng dagat ay inihagis ang hawlang kinalululanan ng sultan. Kaagad lumubog ang hawla at namatay ang sultan. Mula noon si Pilandok na ang naging sultan.

ARALIN1.1.3

## Aralin 1.1.3: EPIKO

*Matapos mong maunawaan ang katangian at kahalagahan sa buhay ng mga Pilipino ng ilang sinaunang panitikan, sa bahaging ito ay iyong makilala ang isa pang itinuturing na maipagmamalaking matandang panitikan –* **ang epiko.** *Kung nais nating mabakas ang kasaysayang may kaugnayan sa kalinangan ng ating lahi at nais nating matagpuan muli ang ating mga sarili ay napapanahon na upang balikan at pagtuunan ng pansin ang ating mga epiko. Bagama't ito ay nalikha batay sa kababalaghan at nagtataglay ng mga di- kapani-paniwalang pangyayari, kasasalaminan ang epiko ng kultura ng rehiyong pinagmulan nito na tunay na maipagmamalaki.*

*Ang araling ito ay tutulong sa iyo upang maunawaan mo kung bakit napabilang ang epiko sa matatandang uri ng panitikan na nananatili pa rin sa kasalukuyan. Sa kabuuan ng iyong pag-aaral sa araling ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng biopoem na nagtatanghal ng karaniwan o*

*simpleng mamamayan na nakagawa ng kabayanihan sa kaniyang kapwa.*

Ang Kaligirang Pangkasaysayan ng Epiko

Ang epiko ay isang uri ng panitikan na nagsasalaysay tungkol sa kabayanihan at pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan laban sa mga
kaaway na halos hindi mapaniwalaan dahil ang mga tagpuan ay pawang
kababalaghan at di-kapani-paniwala. Isang kuwento ito na punong-puno ng
kagila-gilalas na mga pangyayari. Bawat pangkatin ng mga Pilipino ay may
maipagmamalaking epiko.

Ang salitang epiko ay mula sa salitang Griyegong "epos" na nangangahulugang salawikain o awit. Isa itong mahabang salaysay na anyong
patula na maaaring awitin o isatono. Hango ito sa pasalin-dilang tradisyon
tungkol sa mga pangyayaring mahiwaga o kabayanihan ng mga tauhan.

Layunin nitong pukawin ang isipan ng mga mambabasa sa pamamagitan ng nakapaloob na mga paniniwala, kaugalian at mithiin ng mga tauhan. May nagsasabing ang epiko daw ay hango sa pangalang Kur, isang lalaki na kinuhang manunulat ng mga Español sa kanilang kapanahunan dahil sa kaniyang likas na pagiging malikhain at matalino. Lahat ng

kaniyang isinulat

ay tinawag niyang epikus, na di kalaunan ay tinawag ng mga Español na epikona ang ibig sabihin ay " dakilang likha".

Ang epiko ay mahabang salaysay. Ito ay karaniwang inaawit o binibigkas nang patula. Kadalasan itong salaysay tungkol sa mahiwagang pangyayari o kabayanihang kinapapalooban ng mga paniniwala, mga kaugalian, at mga huwaran sa buhay ng mga sinaunang mamamayan ng isang bayan.

Sa Pilipinas, popular ang tinatawag na epikong bayan o folk epic. Ayon sa mga mananaliksik ng katutubong panitikan, may kani-kaniyang matatanda at mahahabang salaysay na patula ang iba't ibang pangkating etniko sa Pilipinas. Sa labas ng Katagalugan, mayroong mga popular na tulang pambayan, o mga tulang epiko, bago pa man dumating sa bansa ang mga banyaga.

Kilala sa mga Iloko ang epikong Biag ni Lam-ang (Buhay ni Lamang). Ito ay isinulat ng makatang si Pedro Bukaneg na sininop at pinagaaralan pa rin hanggang sa kasalukuyan. Sa Bicol naman ay tanyag ang epikong Ibalon na ang orihinal na sipi sa wikang Bicolano ay iningatan ni Padre Jose Castaño noong ika-19 dantaon. Gayundin ang epikong Handiong ng mga Bicolano na batay naman sa mga bagong pananaliksik ay likha ng isang paring Español at hindi sa bibig ng mga katutubo. Sa Visayas naman nagmula ang epikong Maragtas, at sa Mindanao

ang pinakamahabang epiko sa Pilipinas na Darangan. Nakapaloob sa Darangan ang kilalang mga epikong Prinsipe Bantugan, Indarapatra at Sulayman at Bidasari. Ang mga kapatid naman natin sa CAR (Cordillera Administrative Region) partikular sa Ifugao ay may ipinagmamalaki namang Hudhud at Alim.

Sa nakaraang ikadalawampung siglo, isa-isang naitala ng mga mananaliksik at dalubhasa ang marami pang epikong- bayan mula sa iba't ibang dako ng bansa. Ayon sa kanila, nauuri ang epikong nasusulat ayon sa kasaysayan ng lugar na kinatagpuan nito. Halimbawa, nasa pangkating Kristiyanong epiko ang Lam-ang at Handiong, samantala, nasa pangkating Muslim naman ang mga epikong Bantugan, Indarapatra at Sulayman, Parang Sabil at Silungan. Ibinilang naman sa pangkating Lumad (di-Kristiyano at Muslim) ang Ullalim ng Kalinga, Hudhud at Alim ng Ifugao, Labaw Donggon

ng Hiligaynon, Hinilawod at Agyu ng Mindanao, Kudaman ng Palawan,
Tuwaang ng mga Bagobo, Ulod, Sambila, at Guman ng Bukidnon, at marami pang iba.

Mahalaga sa mga sinaunang pamayanan ang epikong-bayan. Bukod sa nagiging aliwan ang epiko, ito ay nagsisilbing pagkakakilanlang panrehiyon at pangkultura. Ginagamit ito sa mga ritwal at pagdiriwang upang maitanim at mapanatili sa isipan ng mga mamamayan ang mga kinagisnang ugali at paniniwala, gayundin ang mga tuntunin sa buhay na pamana ng ating mga ninuno.

Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit

Sa Kaharian ng Kuaman, may isang lalaking nagngangalang Tuwaang.

Tinawag niya ang kaniyang kapatid na si Bai.

Lumapit si Bai, at ito ay nagdala ng nganga. Ang magkapatid ay ngumuya ng nganga. Sinabi ni Tuwaang na may dalang mensahe ang hangin
na pinapapunta siya sa kaharian ni Batooy, isang bayani sapagkat may
dalagang dumating sa kaharian ngunit hindi siya nakikipag-usap sa mga
kalalakihan doon, kaya pinatawag ng isa sa mga kalalakihan ang hangin para
ipatawag si Tuwaang.

Hindi pumayag si Bai sa gagawing paglalakbay ni Tuwaang. Kinakabahan si Bai sa maaaring mangyayaring masama kay Tuwaang. Pero
hindi nakinig si Tuwaang sa sinabi ni Bai. Agad-agad na naghanda si
Tuwaang at isinuot ang kanyang mga armas. Kinuha niya ang kaniyang sibat

at kalasag at tinawag ang kidlat upang dalhin siya sa lugar ng Pinanggayungan.

Pagkarating doon ay bumisita siya sa bahay ng Binata ng Pangavukad.

Sinamahan siya ng binata ng Pangavukad sa kaniyang paglalakbay.

Sila'y nakarating sa tahanan ni Batooy. Humiga si Tuwaang sa tabi ng
dalagang nagbalita sa kaniya at kaagad na nakatulog. Bumunot ang dalaga ng isang buhok ni Tuwaang na nakalawit. Nagsalita ang dalaga at nakilala na
nila ang isa't isa.

Ang dalaga ay ang Dalaga ng Buhong na Langit. Tumakas siya at nagtatago mula sa Binata ng Pangumanon, isang higante na may palamuti sa
ulo na abot ang mga ulap. Gusto siyang pakasalan ng binata ngunit
tinanggihan niya ang alok.

Nagalit ang binata at sinunog ang bayan ng dalaga. Sinundan niya
ang dalaga saan man siya mapadpad at sinunog niya ang mga bayan na pinagtataguan ng dalaga, kaya naghanap ang dalaga ng pagtataguan sa

mundong ito.
Pagkatapos magkuwento ang dalaga kay Tuwaang, dumating bigla ang
Binata ng Pangumanon, balot ng apoy, at pinagpapatay niya ang mga tao sa
kaharian ni Batooy.
Naglaban si Tuwaang at ang Binata ng Pangumanon gamit ang kanilang mga sandata. Ngunit magkasinlakas silang dalawa, at nasira ang
kanilang mga sandata. Tinawag ng Binata ng Pangumanon ang kaniyang
patung, isang mahabang bakal. Ito'y kaniyang ibinato at pumulupot kay
Tuwaang. Lumiyab ito ngunit itinaas ni Tuwaang ang kaniyang kanang bisig
at namatay ang apoy. Tinawag ni Tuwaang ang kaniyang patung at ibinato sa
binata. Lumiyab ito at namatay ang binata. Pagkatapos ng labanan ay
binuhay niya ang mga namatay na tauhan gamit ng kaniyang laway. Dinala
niya ang dalaga sa kaniyang bayan sakay ng kidlat.
Ikinuwento ng Gungutan na nakita niya sa kaniyang panginip na

darating si Tuwaang sa Kawkawangan. Inalok naman ni Tuwaang ang
Gungutan na sumama sa paglalakbay niya; tinanggap naman ito ng Gungutan.

Tumuloy na sila sa paglalakbay.

Nakarating si Tuwaang at ang Gungutan sa kasal. Dumating ang Binata ng Panayangan, na nakaupo sa gintong salumpuwit, ang Binata ng pinagtataguan ng dalaga, kaya naghanap ang dalaga ng pagtataguan sa
mundong ito.

Pagkatapos magkuwento ang dalaga kay Tuwaang, dumating bigla ang
Binata ng Pangumanon, balot ng apoy, at pinagpapatay niya ang mga tao sa
kaharian ni Batooy.

Naglaban si Tuwaang at ang Binata ng Pangumanon gamit ang kanilang mga sandata. Ngunit magkasinlakas silang dalawa, at nasira ang
kanilang mga sandata. Tinawag ng Binata ng Pangumanon ang kaniyang
patung, isang mahabang bakal. Ito'y kaniyang ibinato at pumulupot kay

Tuwaang. Lumiyab ito ngunit itinaas ni Tuwaang ang kaniyang kanang bisig
at namatay ang apoy. Tinawag ni Tuwaang ang kaniyang patung at ibinato sa
binata. Lumiyab ito at namatay ang binata. Pagkatapos ng labanan ay
binuhay niya ang mga namatay na tauhan gamit ng kaniyang laway. Dinala
niya ang dalaga sa kaniyang bayan sakay ng kidlat.

Ikinuwento ng Gungutan na nakita niya sa kaniyang panginip na darating si Tuwaang sa Kawkawangan. Inalok naman ni Tuwaang ang
Gungutan na sumama sa paglalakbay niya; tinanggap naman ito ng Gungutan.
Tumuloy na sila sa paglalakbay.

Nakarating si Tuwaang at ang Gungutan sa kasal. Dumating ang Binata ng Panayangan, na nakaupo sa gintong salumpuwit, ang Binata ng pinagtataguan ng dalaga, kaya naghanap ang dalaga ng pagtataguan sa
mundong ito.

Pagkatapos magkuwento ang dalaga kay Tuwaang, dumating bigla ang

Binata ng Pangumanon, balot ng apoy, at pinagpapatay niya ang mga tao sa
kaharian ni Batooy.
Naglaban si Tuwaang at ang Binata ng Pangumanon gamit ang kanilang mga sandata. Ngunit magkasinlakas silang dalawa, at nasira ang
kanilang mga sandata. Tinawag ng Binata ng Pangumanon ang kaniyang
patung, isang mahabang bakal. Ito'y kaniyang ibinato at pumulupot kay
Tuwaang. Lumiyab ito ngunit itinaas ni Tuwaang ang kaniyang kanang bisig
at namatay ang apoy. Tinawag ni Tuwaang ang kaniyang patung at ibinato sa
binata. Lumiyab ito at namatay ang binata. Pagkatapos ng labanan ay
binuhay niya ang mga namatay na tauhan gamit ng kaniyang laway. Dinala
niya ang dalaga sa kaniyang bayan sakay ng kidlat.
Ikinuwento ng Gungutan na nakita niya sa kaniyang panginip na darating si Tuwaang sa Kawkawangan. Inalok naman ni Tuwaang ang

Gungutan na sumama sa paglalakbay niya; tinanggap naman ito ng Gungutan.

Tumuloy na sila sa paglalakbay.

Nakarating si Tuwaang at ang Gungutan sa kasal. Dumating ang Binata ng Panayangan, na nakaupo sa gintong salumpuwit, ang Binata ng Liwanon, ang Binata ng Pagsikat ng Araw, at ang Binata ng Sakadna, ang ikakasal na lalaki, at kaniyang 100 pang tagasunod. Nakiusap ang Binata ng Sakadna na linisin ang mga kalat sa kasal (o mga hindi imbitado/kailangang bisita) ngunit sinagot naman siya ni Tuwaang na may pulang dahon (mga bayani) sa okasyon.

Nagsimula ang mga unang seremonya ng kasal. Binayaran ng mga kamag-anak ang mga savakan (mga bagay para sa babaeng ikakasal at mga nakabalot na pagkain na inaalay ng mga kamag-anak ng lalaking ikakasal) ng babaeng ikakasal, hanggang may naiwang dalawang hindi mabayaran.

Umamin ang Binata ng Sakadna na hindi niya kayang bayaran ang dalawang

bagay, pero tinulungan siya ni Tuwaang gamit ng paglikha ng isang sinaunang gong bilang kapalit sa unang bagay at gintong gitara at gintong bansi (o gintong plawta) sa pangalawang bagay. Lumabas ang Dalaga ng Monawon, ang dalagang ikakasal para magbigay ng nganga sa lahat ng bisita. Pagkatapos niyang bigyan ang lahat ng panauhin ng nganga, umupo siya sa tabi ni Tuwaang. Nagalit ang Binata ng Sakadna. Hinamon ng binata si Tuwaang sa labas ng bahay. Ang Gungutan, samantala ay nakapatay na ng mga kasama ng binata hanggang sa anim na lang ang natira. Nagkipaglaban ang dalawa sa anim na kalaban hanggang ang natira na lamang ay si Tuwaang at ang Binata ng Sakadna.

Binato nang napakalakas ni Tuwaang ang binata at lumubog siya sa lupa at nakita niya ang isa sa mga tagapagbantay ng mundong ilalim.

Bumalik agad sa mundo ang binata at itinapon naman si Tuwaang sa mundong ilalim, kung saan nakita rin ang tagapagbantay rito. Nalaman ni Tuwaang ang kahinaan ng binata, at pagkalabas niya roon, kinuha ang gintong plawta na nagtataglay ng buhay ng binata. Dahil mas ginusto ng binata na mamatay kaysa mapabilang sa kampon ni Tuwaang, sinira ni Tuwaang ang plawta at ang binata ay unti-unting namatay.

Inuwi ni Tuwaang ang dalaga sa Kuaman kung saan siya ay naghari habambuhay.

*Ang akdang iyong binasa ay nagpapatunay na ang panitikang Pilipino ay kasasalaminan ng kultura, tradisyon,kaugalian, at kalagayang panlipunan noong panahong naisulat ito.*

# EPIKO

Dala ng mga ninunong nandayuhan sa Pilipinas
ang mga epiko. Mahabang tulang pasalaysay ito
tungkol sa kabayanihan ng pangunahing tauhan.
Naglalaman ang epiko ng mga pangyayaring di kapanipaniwala.

Mga Anda ng Epiko:

1. Ang pag-alis o paglisan ng pangunahing tauhan sa sariling tahanan.
2. Pagtataglay ng agimat o anting-anting ng pangunahing tauhan.
3. Ang paghahanap ng pangunahing tauhan sa isang minamahal.
4. Pakikipaglaban ng pangunahing tauhan.
5. Patuloy na pakikidigma ng bayani.
6. Mamamagitan ang isang bathala para matigil ang labanan.
7. Ang pagbubunyag ng bathala na ang naglalaban ay magkadugo.
8. Pagkamatay ng bayani.
9. Pagkabuhay na muli ng bayani.
10. Pagbabalik ng bayani sa sariling bayan.
11. Pag-aasawa ng bayani.

Kung magpopokus sa tatlong punto: ang paulit-ulit na paksa atema,
ang pagsasalarawan ng mga lalaking bayani, at ang mga pangunahing
babaeng karakter sa istorya; ating makikita kung paano naipakikita ng
epiko ang kultura ng isang pangkat ng tao.

Ang Paulit-ulit na Paksa o Tema

katapangan at pakikipagsapalaran ng bayani

mga supernatural na gawa ng bayani

pag-ibig at romansa

panliligaw – pag-aasawa – pagbubuntis – mga yugto ng buhay

kamatayan at pagkabuhay

pakikipaglaban at kagitingan ng bayani

kayamanan, kaharian at iba't ibang mga kasiyahan o piging

mga ritwal at kaugalian

ugnayan ng magkakapamilya

Ang Lalaking Bayani

Sa pagbabasa ng mga epiko, agad na makikita ang katangian ng isang
bayani. Karamihan sa kaniyang mga katangian ay mauuri sa alinman sa
sumusunod: pisikal, sosyal, at supernatural. Maaari ding isama ang kaniyang
intelektwal at moral na katangian

Ang Pangunahing Babaeng Karakter

Ang pangunahing babaeng karakter ay kadalasang ang babaeng iniibig ng bayani o maaari rin namang tinutukoy rito ang kanyang ina.

ANG PANG-ABAY NA PAMARAAN

Ang pang-abay na pamaraan ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap o magaganap ang kilos na ipinapahayag ng pandiwa.

Dalawa ang panandang ginagamit sa pang-abay na pamaraan: (1) ang
panandang nang at (2) ang na/ng. Narito ang mga halimbawa:

1. Kinamayan niya ako nang mahigpit
2. Natulog siya nang patagilid.
3. Bakit siya umalis na umiiyak?
4. Lumapit ditong tumatakbo ang bata
5. Naluluha siya nang nagpasalamat.

**Basahin at unawain.**

Ang kakaba-kabang dibdib ni Mang Ibiong ay napanatag nang kaunti. Nang makakain si Mang Ibiong, siya ay kinausap ng Presidente.“ Mang Ibiong, ano po ba ang aming pagkakasala sa inyo at
kami’y ayaw ninyong bigyan ng pagkakataong makapagpulong sa pook ng
Felix Huertas?”

“Ako po ay isang mahirap na tao, Ginoong Quezon. Lahat po ng aking pagsisikap ay aking ginawa upang mahango ko ang aking pamilya sa
pagdaralita.Ako’y lumapit sa pamahalaan. Halos magpalimos po ako
upang makapaghanapbuhay.

Ang lahat po ng aking pagsisikap ay nawalan ng halaga. Palagay ko po ay walang mangyayari sa aming pamumuhay kung ang

pangkasalukuyang partido ay mamamayani,” ang paliwanag ni
Mang
Ibiong.
“ Ganoon ba? Ikinalulungkot ko ang nangyari sa iyo. Ngunit
sisikapin kong ikaw ay matulungan. Hintayin mo ang aking sulat
kung
ikaw ay mabibigyan ng hanapbuhay.”
Umalis na si Mang Ibiong. Dinili-dili niya ang pagtanggap sa
kanya ng Presidente ng Senado. Siya’y isa lamang hamak, ngunit
siya’y
tinanggap na parang isang mahal na tao.Ang inaalala niya’y baka
ang
pangakong hanapbuhay
ay mauwi lamang sa pangako. Kung panahon ng kampanya ang
mga
pulitiko ay sadyang masarap mangako.
Hindi pa nakababangon sa kanyang tulugan, si Mang Ibiong ay
ginising na ng isang” tao po “. Nagbalikwas siya upang siyasatin
kung
sino ang napaka-agang panauhin. Sina Mang Basio at Mang
Justo pala ay
maagang inutusan ng Presidente upang ipagbigay- alam kay
Mang Ibiong

na maaari na siyang mag-simula sa isang pagawaan sa umaga ring iyon.

Napamangha si Mang Ibiong. Hindi niya sukat akalaing ganoon kaagap kung mangako ang Presidente ng Senado.

Bahagi ng Si Manuel L. Quezon sa Harap ng Kaaway ni P.S. Vergara